# Sabay Tayong Tumawag sa mga Employer – Walk-in Service

Ang Sabay Tayong Tumawag sa mga Employer – Walk-in Service ay isang madaling lapitang serbisyo ng International Residents Services ng Lungsod ng Hämeenlinna. Para ito sa mga international residents na naghahanap ng trabaho, internship (*työharjoittelu*), o work trial (*työkokeilu*). Dito, makakakuha ka ng gabay sa paghahanap ng trabaho at suporta sa pakikipag-ugnayan sa employer.

## Para kanino ang serbisyo?

Ang serbisyo ay para sa lahat ng international residents na nakatira sa Hämeenlinna.

## Maaari kang pumunta sa serbisyo kung:

Alam mo na kung saang trabaho, internship, o work trial ka gustong mag-apply at kailangan mo ng suporta sa pakikipag-ugnayan sa employer.

## Kailan at saan ang serbisyo?

- **Miyerkules, 10:00–12:00** (kasabay ng Sinhala service)
- **Biyernes, 13:00–15:00** (kasabay ng Tagalog service)

**Lugar:** Palvelupiste Kastelli, Wetterhoffinkatu 2

Hindi kailangan ng appointment. Maaari kang direktang pumunta sa oras ng serbisyo.

## Ano ang ginagawa sa serbisyo?

Sa serbisyo:

- makakakuha ka ng gabay sa paghahanap ng trabaho
- matututunan mo kung paano makipag-ugnayan sa employer
- maaari mong praktisin kung ano ang sasabihin kapag tumatawag sa employer
- maaari kayong tumawag sa employer kasama ang service advisor (*palveluneuvoja*)

Bago pumunta sa serbisyo, siguraduhing mayroon ka nang listahan ng mga employer na gusto mong kontakin, pati na rin ang iyong CV at job application. Hindi kasama sa serbisyo ang paggawa ng CV, job application, o paghahanap ng employer para sa iyo.

Ang layunin ng serbisyo ay tulungan kang matutong makipag-ugnayan sa mga employer nang mas may kumpiyansa at mas independent. Gagabayan ka namin kung paano makipag-usap sa employer at tutulungan kang maging mas handa sa iyong job search.

**Huwag mahiyang pumunta at humingi ng tulong! 😊**